DEPARTAMENTO NG FILIPINO
Sentro ng Kahusayan sa Filipino ng CHED
Kolehiyo ng Malalayang Sining, Pamantasang De La Salle - Maynila

GAWAD LASALYANO
SA PINAKAMAHUSAY NA TESIS/DISERTASTON SA FILIPINO
(2000-2007)

Rasyonal:
*Layunin ng **Gawad Lasalyano sa Pinakamahusay na Tesis/Disertasyon sa Filipino** na parangalan ang mga mahuhusay na mag-aaral sa andergradwado at gradwadong antas na nagsulat ng kanilang pag-aaral, mula sa iba't ibang larang ng kaalaman, sa wikang Filipino. Ang mga mag-aaral ang tagapagdaloy at tagapagpatuloy ng intelektuwalisasyon ng Filipino sa akademya. Sa kanilang pagsisikap at kontribusyon, ang mga tesis at disertasyon ay makapaghahawan ng bagong landas sa riserts at makapagbibigay ng mga bagong usapin tungkol sa ating buhay, kultura at lipunan.*

Tuntunin:

1. Ang gawad ay bukas sa lahat ng tesis at disertasyon na sinulat sa Filipino ng mga mag-aaral na nasa andergradwado at gradwadong antas mula 2000 hanggang 2007. Maaaring manggaling sa iba't ibang larang ng kaalaman ang paksa ng tesis/disertasyon. Hindi maaaring isali ang tesis/disertasyon na isinaaklat na o ipinalimbag bilang modyul, workbuk at manwal.
2. Tatlo ang kategorya ng gawad:
    a. Tesis sa andergrad
    b. Tesis sa M.A.
    c. Disertasyon sa PhD

3. Ang tesis ng andergrad ay dapat mayroong 100 o higit pang pahina. Ang tesis sa MA ay dapat na mayroong 150 o higit pang pahina at ang disertasyon ay 200 o higit pang pahina. Kailangang laktawan at nakakompyuter ang mga ito.
4. Para makasali sa gawad na ito, kailangang ipadala ang mga sumusunod:
    a. Abstrak ng tesis/disertasyon na binubuo ng hindi hihigit sa 500 salita.
    b. Papel ng aprubal (approval sheet) ng panel ng tesis/disertasyon, kasama ang nakasulat na komento at rekomendasyon. Kailangang nakalagda rin ang mga panelist sa papel.
    c. Liham-rekomendasyon ng tagapayo ng tesis/disertasyon.
5. Ang mga mapipiling kandidato sa gawad na ito ay aabisuhan kaagad at hihingan ng mga sumusunod na pangangailangan:
    a. Isang kopya ng buong tesis/disertasyon na ipinasa, nilagdaan at tinanggap sa kolehiyo o pamantasang pinagtapusan.
    b. CD ng tesis/disertasyon na naka-PDF.
    c. Liham-rekomendasyon mula sa dekano ng kolehiyo o pamantasan.

6. Ang mga tesis/disertasyon ay susuriin batay sa mga sumusunod na pamantayan:

Orihinalidad at kontribusyon sa larang ng kaalaman	**30%**
Kalidad ng presentasyon at nilalaman	**30%**
Kontribusyon sa intelektuwalisasyon ng Filipino	**20%**
Paggamit ng wika, estilo ng pagsulat at editing	**20%**

7. Maaaring ipalimbag ng Departamento ng Filipino ang mga nagwaging tesis/disertasyon.
8. Hindi maaaring sumali ang limang miyembro ng Komite ng Gawad Lasalyano sa Filipino na magmumula sa Departamento ng Filipino at mga huradong mapipili. Mayroong tatlong hurado na uupo sa bawat kategorya. Dalawa sa mga ito ay batikang manunulat/kritiko/awtor/risertser sa Filipino at ang isa naman ay manggagaling sa Komite ng Gawad Lasalyano sa Filipino.
9. Tatanggap ng plake at medalya ang mga mananalong mag-aaral na igagawad sa Agosto 29, 2008 sa Pamantasang De La Salle – Maynila.
10. Ipadala ang abstrak at iba pang kailangan sa:
    Tesis/Disertasyon, Komite sa Gawad Lasalyano sa Filipino
    Departamento ng Filipino, Pamantasang De La Salle – Maynila
    2401 Taft Avenue, Manila 1004 Philippines

    Maaari ring ipadala sa fildept@yahoo.com
11. Kung may katanungan hinggil sa Gawad Lasalyano sa Filipino maaaring mag-email sa fildept@yahoo.com.
12. Sa **Hunyo 30, 2008** ang deadline ng pagpasa ng abstrak at iba pang kailangang nakasaad sa tuntunin bilang 4.